

NAKAMAMATAY NA KATOTOHANAN

ANG EPEKTO NG
IRESPONSABLENG
KALAKALAN NG ARMAS
SA BUHAY, KARAPATAN
AT KABUHAYAN

AMNESTY
INTERNATIONAL



Publikasyon ng Amnesty International

Unang nilimbag noong 2010 ng
Amnesty International Publications
International Secretariat
Peter Benenson House
1 Easton Street
London WC1X 0DW
United Kingdom
www.amnesty.org

©Copyright Amnesty International Publications 2010

Index: ACT 30/005/2010
Lengguahe: Filipino
Orihinal na Lengguahe: Ingles
Nilimbag ng Amnesty International

Lahat ng karapatan ay nakareserba. Walang parte ng publikasyong ito na maaaring maparami, maisama sa isang retrieval system, o maipadala, sa anumang porma o anumang pamamaraan, elektronik, mekanikal, pagpapakopya, pagrerekord, o anupaman na walang pahintulot ng Amnesty International.

Ang Amnesty International ay isang pandaigdigang kilusan ng 2.2 milyong tao sa mahigit 150 bansa at teritoryo na nangangampanya sa karapatang pantao. Adhikain naming matamasa ng lahat ng tao ang lahat ng karapatang nakatitik sa Pandaigdig na Pagpapahayag ng Karapatang Pantao at iba pang pamantayang internasyunal para sa karapatang pantao. Nagsasaliksik, nangangampanya, nag-aadbokasiya at nagmomobilisa kami upang mawakasan ang pang-aabuso sa karapatang pantao. Ang Amnesty International ay malaya sa anumang pamahalaan, pampulitikang ideolohiya, pangkabuhayang interes o relihiyon. Ang aming gawain ay kalakhang pinopondohan ng mga kontribusyon ng aming mga kasapi at donasyon.

**AMNESTY
INTERNATIONAL**



PAUNANG SALITA

Ang kakulangan o kahinaan ng regulasyon sa pandaigdigang kalakalan ng pangkaraniwang armas at amyunisyon ay may malaking dulot na kapinsalaan sa buhay. Araw-araw, libo-libong tao ang namamatay, nasusugatan, inaabuso at sapilitang napapaalis sa kanilang mga tirahan bilang resulta ng mga armadong labanan, karahasan, at paglabag sa karapatang pantao at pang-aabusong gamit ang mga pangkaraniwang armas.

Ang kakapusan at batbat ng butas na pambansang regulasyon para sa pandaigdigang pangangalakal ng mga pangkaraniwang armas, amyunisyon at iba pang mga kahalintulad na kagamitan ay nagpapahintulot sa mga tahasang lumalabag sa pandaigdigang karapatang pantao at makataong panuntunan na magkaroon ng mga armas: na siyang dahilan ng pagkawasak ng buhay at banta sa kabuhayan.

Habang ang mga gobyerno ay naghahanda para sa pagtitipon noong Hulyo 2010 para sa Unang Komite sa Paghahanda sa Negosasyon para sa Pandaigdigang Kasunduan sa Kalakalang Pang- Armas, ang maikling dokumentong ito ay naglalayong magbigay ng ilang mahalagang katotohanan tungkol sa epekto ng armadong labanan, armadong karahasan at paglabag sa karapatang pantao likha ng paggamit ng mga sandatang kumbensyunal.

128 armadong hidwaan mula noong 1989
ay nagresulta sa hindi bababa sa 250,000 pagkamatay kada taon

Dagdag pa, mayroong tinatayang 300,000 armadong pamamaslang
labas sa mga hidwaan bawat taon

Ang pinsala ay malamang na mas marami kaysa sa
pagkamatay sa labanan at armadong karahasan.

Ginamit ang maliit at magaan na armas
sa 60% ng paglabag sa karapatang pantao
na naisadokumento ng Amnesty International

26 milyong tao sa buong daigdig ay internally displaced
bunga ng mga armadong hidwaan sa katapusan ng 2008

May nagaganap na armadong hidwaan sa lahat ng mga nangungunang anim (6)
na bansang pinagmumulan ng mga 'refugees' noong 2008

Aktibong sangkot ang mga batang sundalo sa mga armadong hidwaan bilang
pwera ng pamahalaan o mga lokal na armadong grupo sa 19 bansa o teritoryo
mula 2004

MAYROONG MAHIGIT 250,000 BUHAY ANG NAWAWALA DAHIL SA MGA ARMADONG LABANAN BAWAT TAON

Nasubaybayan ng *Uppsala Conflict Data Program* ang umaabot sa **128 armadong labanan sa pagitan at sa loob ng mga estado sa buong daigdig mula nuong 1989**. Ayon sa datos ng kanilang programa, “ang malawak na ulat sa pangkalahatang pagbaba sa bilang ng mga armadong labanan.... sa kalagitnaan ng 1990s ay tuluyan na ngayong nahinto, sa bilang ng mga naitalang labanan nitong mga nagdaang taon na unti-unti nang bumaba at umabot na lamang sa tatlumpu (30).” Noong 2008, **labing anim (16) na mayor na armadong labanan** – mahigit dalawa sa taong 2007 - **at karagdagang dalawampung (20) iba pang aktibong armadong labanan ang inilunsad sa may dalawampu’t anim (26) na bansa** sa buong daigdig.²

Isang pandaigdigang pagsusuri sa mga naitalang pagkamatay dulot ng armadong labanan ay nagpapakita na sa pagitan ng 2004 at 2007, may mahigit 208,300 *marahas na pamamaslang* ang naitala sa mga naganap na armadong labanan: **karaniwan ay 52,000 tao ang namamatay kada taon**. Ang mga walang ulat o hindi naitalang pamamaslang – na nasa lugar na madalas ay mahirap maabot at walang kapanatagan sa armadong labanan- ay nangangahulugan na ang tunay na kabuuang bilang ay maaaring mas malaki pa.³

Ang armadong labanan ay nakalilikha ng mas malaking bilang ng hindi tuwirang pagkamatay, dahil sa ang mga apektado ng armadong paglalaban ay madalas na naitataboy sanhi ng pagkawasak ng mga panlipunan at pang-ekonomiyang imprastraktura at pagkakait ng mga karapatan at akses sa pang-kalusugang pangangalaga, tubig, pagkain at tirahan; humahantong ito sa pagtaas ng malnutrisyon, gutom, at pagkakasakit. Ang mga katibayan mula sa *epidemiological survey* ay nagpapahiwatig na sa pagitan ng 2004 at 2007 ay **mahigit 200,000 hindi-tuwirang pagkamatay ang naging resulta ng armadong labanan bawat taon, at malamang ay mas marami pa**: Ang ilang mga survey na inilunsad ng *Democratic Republic of Congo* ay nagsasabi na sa karaniwan ay abot sa 400,000 tuwiran at di-tuwirang pagkamatay ang ibinunga ng mga hidwaan mula pa nuong 2002 sa isang bansa pa lamang na ito.⁴

300,000 ARMADONG PAMAMASLANG LABAS SA MGA LABANAN ANG NAGAGANAP KADA TAON

Ang mga pamamaslang bunga ng mga armadong karahasan at tahasang paglabag sa karapatang pantao na nagawa labas sa mga armadong labanan ay malamang na mas masahol pa kumpara sa mga nagawa sa panahon na may nagaganap na labanan. Kabilang sa mga naturang pagkamatay ay ang mga armadong pagpaslang at ang naging resulta ng iba pang mga armadong krimen, ilegal na pamamaslang at pulitikal na pagpatay sanhi ng labis na paggamit ng kapangyarihan ng mga pwersang panseguridad ng Estado, pamamaslang na naging resulta ng karahasan laban sa mga kababaihan at iba pang mga sektor na pinakananganganib na masangkot sa paggamit o bantang paggamit ng armas. Tinatayang abot sa 490,000 pagpaslang na walang kinalaman sa mga armadong labanan ang naganap sa buong daigdig sa bawat taon sa nakaraang panahon kung saan **karaniwan ay 60 porsyento – maaring 300,000 kada taon- ang tinatayang ginamitan ng mga armas**.⁵

ANG PINSALANG (INJURIES) DULOT NG LABANAN AY MAS MARAMI KAYSA SA DULOT NA PAMAMASLANG

Ang pinsalang ((injuries) dulot ng mga armadong labanan ay mahirap tantyahin dahil sa hindi sapat ang natipon at pagkakategorisa sa istadistika ng pampublikong kalusugan at pag-uulat

sa armadong karahasan. Gayunpaman, isang rebyu sa pangkalusugang literatura kaugnay ng mga pagkamatay sa hidwaan sa pagitan ng 1940 at 1993 ay nagpakita na ang tantos ng iniulat na pinsala hanggang pagkamatay sa larangan ng labanan ay nagbabago-bago mula 1.9 hanggang 27.8 na pinsala sa bawat pagkamatay.⁶

PAGLABAG SA KARAPATANG PANTAO AT PANG-AABUSO BUNSOD NG PANGKARANIWANG ARMAS

Bukod sa pagpatay, ang mga armas ay ginamit upang isakatuparan ang libo-libong paglabag sa karapatang pantao at pang-aabuso kada taon, mula sa tortyur at panggagahasa hanggang sa di-makatwirang pag-aresto at pagkakait ng mga kalayaan sa pagpapahayag, paggalaw, edukasyon, kalusugan at paninirahan. **Isang detalyadong pananaliksik mula sa piniling 10 bansa ay nagpapakita na halos 60% ng lahat ng indibidwal na kaso ng paglabag sa karapatang pantao at pang-aabuso kapwa sa loob at labas ng mga armadong labanan na nai-dokumento ng Amnesty International, sa pagitan ng 1991 at 2002, ay direktang sangkot ang paggamit ng mga maliit at magagaan na armas.**⁷ Ito ay malamang maliit pang pagtaya sa pinsala sa karapatang pantao na resulta ng maling paggamit ng mga pang-karaniwang armas.⁸

Ang armadong labanan at ang armadong karahasan ay madalas na pinalalala pa ng malawak na pagkalat ng armas at lumilikha ng malaganap na paglabag sa karapatang pantao at pang-aabuso. Kabilang dito:

- ang paggamit ng mga batang sundalo: bagamat ang kanilang bilang ay mahirap tanyahin, libu-libong mga bata sa **19 bansa o teritoryo sa pagitan ng Abril 2004 at Oktubre 2007** ang aktibong sangkot sa armadong labanan bilang pwersa ng gobyerno o ng lokal na mga armadong grupo, na nagsasapanganib sa kanilang pisikal at mental na integridad.⁹

- ang mga paglabag na nagresulta sa pag-likas ng mga tao at komunidad: ang *UN High Commission for Refugees* (UNHCR) ay nagsabi nuong 2008 na **26 milyong tao sa buong daigdig ang lumikas bunga ng armadong labanan**, isang bilang na tumaas pa nitong nagdaang dekada.¹⁰ Ang mga pag-likas ay madalas na nakaaambag upang lalo pang maipagkait ang mga karapatang pang-sibil, pulitikal, pang-ekonomiya, pang-lipunan at pang-kultura. Sa armadong labanan, ang sapilitang paglikas ay salungat sa internasyunal na batas liban na lang kung ang mga kadahilanan ay mahalaga sa militar o sangkot ang seguridad ng mga sibilyan.

Dagdag pa, marami sa tinatayang 15.2 milyong refugees ang tumakas mula sa pag-uusig sa kanilang bansa dahil sa armadong karahasan. Habang ang katayuan ng mga ito ay batay sa pang-uusig sa kanilang lahi, relihiyon, pampulitikang pananaw, nasyunalidad, o grupong panlipunan, marami sa pang-uusig na ito ay nangyayari sa konteksto ng armadong labanan o kaya ay ipinakikita sa pamamagitan ng armadong karahasan. Lumilitaw na **ang nangungunang anim (6) na bansang pinagmulan ng mga refugees noong 2008 ay lugar din ng armadong hidwaan:** Iraq, Somalia, Sudan, Colombia, Democratic Republic of Congo at Afghanistan. Ang UNHCR ay may pagtanya na ang Afghanistan ay kasalukuyang pinagmulan ng isang-kapat (quarter) ng lahat ng mga takas mula sa pag-uusig sa buong daigdig.¹¹

ANG PANDAIGDIG NA KALAKALAN NG ARMAS AT PANININDIGAN SA KARAPATANG PANTAO

Ang lawak ng internasyunal na kalakalan ng armas ay mahirap matantya. Walang kumprehensibong nakalathalang datos sa kalakalang ito sa kalakhan ng daigdig. Maraming paglipat ng mga armas, kapwa ligal na awtorisado at ipinagbabawal, ay hindi nakaulat at nakatala. Ilang Estado ang hindi naglalathala ng anumang impormasyon kaugnay ng kumbensiyunal na bentahan, eksportasyon at importasyon ng mga armas. Ang iba nama'y nakapagbibigay ng impormasyon sa mga makabuluhang kontrata para sa pag-aangkat ng armas, ngunit walang makabuluhang impormasyon tungkol sa aktwal na paglilipat ng mga pangkaraniwang armas, mga kagamitang militar at amyunisyon. Halimbawa, ang Ministro ng Tanggulan ng Israel (Ministry of Defense of Israel) ay nag-ulat noong Oktubre 2009, na ito ay lumagda sa mga kontrata sa pag-aangkat ng mga armas na nagkakahalaga ng \$20.3 bilyon sa pagitan ng 2005 at 2008, ngunit walang ibinigay na impormasyon sa aktwal na paghahatid ng mga armas: ang mga konkretong numero para sa pag-aangkat ng armas ng Israel, kung gayon ay wala sa '*league tables*' ng mga pangunahing kumbensiyonal na armas at paglilipat ng maliit na armas na nakadetalye sa ibaba, sa kabila ng pagiging isang makabuluhang taga-angkat ng mga armas ang Israel sa daigdig.¹²

Gayunpaman, may mga makabuluhang istadistika na nagpapakita na ang isang malaking bahagdan ng kabuuang naiulat na internasyunal na kalakalan ng armas, sa pamamagitan ng komersyal na halaga nito, ay isinasagawa ng mga Estadong mayroon nang mga ligal na ispesipikong pamantayan sa pagtatasa ng panganib sa karapatang pantao sa kanilang pambansang batas tungkol sa kontrol sa pag-aangkat, kasama ng iba pang pamantayang etikal at makatao.¹³

Halimbawa, walo sa sampung nangungunang taga-angkat ng 'pangunahing pangkaraniwang armas' sa pagitan ng 2004 at 2008, na responsable para sa 62% ng mga naiulat na paglilipat ng armas sa buong mundo (USA, France, UK, Netherlands, Italy, Spain, Sweden), ay mayroong ligal na pamantayan sa karapatang pantao sa kanilang mga pambansang batas hinggil sa kontrol sa pag-aangkat.¹⁴ Bukod pa, ang dalawang hindi kabilang, ang Russian Federation at Ukraine, ay nagpahayag ng kanilang paninindigan sa Organisation for Security and Cooperation in Europe (OSCE) "para isaalang-alang...ang paggalang sa karapatang pantao at mga saligang kalayaan" ng mga Estado na tatanggap ng armas kapag ikinokonsidera na ang paglilipat ng armas, bagama't ang pampulitikang komitment na ito ay walang legal na implikasyon.¹⁵ Ang Russia at Ukraine ay kasama sa 40 pinakamalalaking gumagawa at taga-angkat ng armas sa buong daigdig na nakagrupo sa *Wassenaar Arrangement* na nagkomit ng sarili na iiwas sa internasyunal na palitan ng mga armas na nag-aambag sa "paglabag at pagsikil sa mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan."¹⁶

Gayundin, 8 sa 10 naiulat na taga-angkat ng mga maliit na sandatang pangmilitar at magagaan na armas sa pagitan ng 2000 at 2006 [USA, Belgium, France, Germany, UK, Norway, Italy, Switzerland] ay mayroong mga ligal na pambansang pamantayan para sa paggalang sa karapatang pantao.¹⁷ Isa sa 10 Estadong ito, ang Canada, ay may komitment na iginalang ang pamantayan sa karapatang pantao kaugnay ng kontrol sa pag-aangkat ng mga armas.¹⁸ Tanging ang Tsina ang wala ni anumang pambansang batas o patakaran na may rekisitong dumaan sa pagtatasa ang pag-aangkat ng armas na gamit ang pamantayan ng karapatang pantao.

Ang mga umiiral na ligal na pamantayan para sa pag-aangkat ng armas na tumutukoy sa paggalang sa karapatang pantao ay nananatiling kapos, sa ilang mga kaso, at ang kanilang aplikasyon ay hindi umaayon sa nakatadhana sa batas.¹⁹ Ang isang pangkalahatang internasyunal na pamantayan para sa pagpapahinto ng paglilipat ng armas kung ito ay malamang na makadagdag sa mga malubhang paglabag sa karapatang pantao, na may malakas na pagpapatupad, makabuluhang pananagutan at malayang oversight, ay dapat maisama sa Kasunduan para sa Kalakalan ng Armas (Arms Trade Treaty) na sasailalim sa negosasyon sa United Nations. Ang ganitong pamantayan na dinisenyo upang maiwasan ang talamak

na iresponsableng paglilipat ng mga armas ay hindi magiging kabaligtaran ng lehitimong kalakalan ng armas kung saan ang mga Estado ay nagbebenta nang naayon sa batas, nakakakuha, at nagtataglay ng mga armas para sa seguridad, pagpapatupad ng batas at pagtatanggol sa sarili, na naayon sa internasyunal na batas at pamantayan batay sa subok na mahuhusay na praktika. Kumpara sa lehitimong kalakalan, ang pinsala ng iresponsableng paglilipat ng mga armas sa buhay, karapatan at kabuhayan ng mamamayan ay lilitaw ngayon na mas higit o labis kumpara sa halaga nito sa pera.

Dapat kinikilala na ang paggamit ng mga pangkaraniwang armas ay maaaring magresulta sa patuloy na pagsasagawa ng malubhang paglabag ng iba't-ibang karapatang pantao kabilang ang pang-sibil, pang-kultura, pang-ekonomiya, pampulitika at panlipunan at mga karapatang may kaugnayan sa kababaihan, bata, mga minorya at mga katutubong grupo. Marami sa mga karapatang pantaong ito ay umabot na sa katayuan bilang kinikilalang internasyunal na mga batas na dapat ay ipinatutupad ng lahat ng Estado, kasama man sila o hindi sa particular na kasunduan.

Dagdag pa, kapag ang isinasaalang-alang ay ang pagbibigay pahintulot kaugnay ng paglilipat ng mga kumbensiyunal na armas, lahat ng Estado ay dapat pantay na isaalang-alang kung paano ang pagrespeto ng mga tumatanggap na bansa sa IHL at hindi dapat pahintulutan ang paglilipat ng mga armas kung may malaking panganib na ang mga ito ay gagamitin sa pagsasagawa ng malulubhang paglabag sa IHL o batas pandaigdig sa karapatang pantao. Dagdag pa, ang mga internasyunal na batas sa karapatang pantao ay aplikable din sa panahon ng mga armadong labanan at hindi ito pinapalitan ng pagpapatupad ng IHL.²⁰

Tinanggap na ng lahat ng mga kasaping bansa sa United Nations ang sentralidad ng karapatang pantao at ang aplikasyon nito sa malawak na mga gawain ng Estado, kabilang ang paglilipat ng mga pangkaraniwang armas at amyunisyon. Ang United Nations Charter ay nag-aatas sa mga kasaping bansa na itaguyod ang malawak na karapatang pantao, kabilang ang "pandaigdigang paggalang para sa, at pagtalima sa, mga karapatang pantao at mga saligang kalayaan ng walang pagtatangi sa lahi, kasarian, wika o relihiyon."²¹ Iniaatas din ng Charter sa mga naturang kasapi na "magsagawa ng mga pinagsanib o magkakahiwalay na mga aksyon"²² sa pakikipagtulungan sa UN para sa pagtataguyod sa karapatang pantao. Ang mga probisyong ito ng UN Charter ay sumasalamin sa isang positibong obligasyon ng lahat ng mga Estado upang makipagtulungan kaugnay ng proteksyon at pagsasakatuparan ng karapatang pantao sa loob at labas sa hangganan ng kanilang mga bansa. Ang mga Estado ay kinakailangang tumanggi sa mga tulong panaklolo na magbibigay kontribusyon sa patuloy na malubhang pagbabalewala sa mga hindi maaaring limitahan na karapatang pantao (non-derogable human rights) at mga kinikilala at nakagawian nang ipatupad na internasyunal na batas.

Internasyunal na Paglilipat ng mga 'Pangunahing Pangkaraniwang Armas' at Maliliit at Magaan na Sandata

Ang Swedish International Peace Research Institute (SIPRI) ay nag-iipon ng mga datos na mga naiulat sa publiko at naisulat na paglilipat ng mga 'pangunahing pangkaraniwang armas': *complete aircraft, armoured vehicles, artillery, sensors, air defence systems, missiles*, mga barko, makina at weapons turrets. Ang may pahintulot at naiulat sa publikong kalakalan ay nadodominahan ng relatibong maliit na bilang ng mga Estado:

Nangungunang 10 Naiulat na Taga-angkat ng 'Pangunahing Pangkaraniwang Armas' 2004-2008	Bahagi sa Kabuuang Naiulat na Paglilipat ng 'Pangunahing Pangkaraniwang Armas', 2004-2008 (%)	Pansariling Naiulat na Pinansyal na Halaga ng Lahat ng Pag-angkat ng Armas (pamalagian (2007) US\$ bilyon), 2004-2007
USA	31	51.415
Russian Federation	25	26.934
Germany	10	6.877 ²³
France	8	26.162
UK	4	12.193
Netherlands	3	5.050 ²⁴
Italy	2	4.737
Spain	2	3.473
Ukraine	2	N/A
Sweden	2	5.182

Pinaghalawan: SIPRI Arms Transfers Database; SIPRI dataset ukol sa pinansyal na halaga ng pambansang pag-angkat ng armas; 'Recent trends in the Arms Trade', SIPRI Background Paper, April 2009

Gayunpaman, hindi kasama dito ang mga makabuluhang internasyunal na paglilipat ng mga suportang kagamitan at serbisyo, mga parte at bahagi, mga kagamitang militar o amyunisyon. Ni hindi din kabilang dito ang malawak na internasyunal na kalakalan sa ilang mga mas sopistikadong uri ng sandata, kasama na ang maliit at magaan na mga armas, na nililikha, iniimbak at inililipat ng mas malawak na hanay ng mga Estado.

Maraming mga Estado ang nag-uulat sa kanilang paglilipat ng maliit at magagaan na armas at amyunisyon sa *UN customs statistics database, COMTRADE*, **na nakapagtala ng internasyunal na palitan ng mga maliliit na armas at magaan na sandatang nagkakahalaga sa pagitan ng \$2.31 bilyon at \$2.97 bilyon kada taon sa pagitan ng 2001 hanggang 2006**. Ang datos na ito sa customs, gayunpaman, ay bahagya lamang, kadalasang hindi eksakto, at dinuktor o itinatago ng maraming mga Estado, kabilang ang ilang pangunahing taga-angkat ng maliliit na armas at amyunisyon.

<i>Nangungunang 10 na Naiulat na Taga-angkat ng Maliliit at Magaan na Armas Militar, 2000-2006</i>	<i>'Karaniwang' Halaga ng mga Naiulat na Pag-angkat, 2000-2006 (pamalagian (2006) US\$)</i>
USA	228,512,000
Belgium	27,136,000
France	22,651,000
Germany	16,213,000
UK	13,651,000
China	10,148,000
Norway	9,520,000
Italy	9,331,000
Canada	8,857,000
Switzerland	6,945,000

Pinaghalawan: UN Comtrade Database, datos na sinuri ng Small Arms Survey sa Small Arms Survey Yearbook 2009, pahina 23. Ang tinutukoy na 'karaniwang' halaga ay nakabatay sa pagkuha ng karaniwan sa mga pumapasok na magkakaibang ulat sa import at eksport ng mga bansang nagsasagawa nito.

KONKLUSYON

Noong Disyembre 2009, pinagtibay ng UN General Assembly ang isang resolusyon para sa pagtitipon ng mga Komite sa Paghahanda sa mga taong 2011 at 2012 para magbuo ng isang 'malakas at matatag' na Internasyunal na Tratado para sa Kalakalan ng Armas. Ang nasabing Tratado ay sasailalim sa pinal na negosasyon sa "United Nations Conference on the Arms Trade Treaty", na magpupulong nang apat na linggo sa taong 2012. Ang Kumperensya ay "magpapalawak ng diskusyon para sa iiral at ipatutupad na instrumento batay sa pinakamataas na posibleng karaniwang internasyunal na pamantayan para sa paglilipat ng mga pangkaraniwang armas."²⁵

Malinaw sa mga nagaganap na katotohanan na ang isang 'malakas at matatag' na Kasunduan para sa Kalakalan ng Armas ay dapat na maglaman ng mga probisyon na pipigil sa internasyunal na paglilipat ng mga kumbensiyunal na armas kapag mayroong totoo at maaasahang impormasyon na nagpapakita ng isang matibay na panganib na ang tatanggap ng armas ay malamang na gamitin ito sa pagsasagawa o maging daan para maganap ang mga paglabag sa internasyunal na batas sa karapatang pantao o makataong panuntunan. Saan man may malinaw na impormasyon na nagpapakita ng malaking panganib, ang mga Estado, sa ilalim ng kasunduan ay kailangang i-obliga na tumanggi o bumawi ng pahintulot para sa paglilipat ng mga armas hanggang ganap nang mapawi ang mga panganib ng malubhang paglabag gamit ang mga naturang armas, sa pamamagitan ng mga hakbang panlunas.²⁶

¹ Swedish International Peace Research Institute, *SIPRI Yearbook 2009*, Appendix 2A; Uppsala Conflict Data Program, Frequently Asked Questions (http://www.pcr.uu.se/research/UCDP/links_faq/faq.htm#4, nakuha, 21 April 2010)

² Geneva Declaration, *Global Burden of Armed Violence* (September 2008), pp. 9-30

³ Geneva Declaration, *Global Burden of Armed Violence* (September 2008), pp. 31-48. Benjamin Coghlan et al, *Mortality in the Democratic Republic of Congo: An Ongoing Crisis* (International Rescue Committee, 2008)

⁴ Geneva Declaration, *Global Burden of Armed Violence* (September 2008), p.67

⁵ David R Meddings and Robin M Coupland, 'Mortality associated with use of weapons in armed conflicts, wartime atrocities, and civilian mass shootings: literature review, *British Medical Journal*, Vol. 319 (1999), pp. 407-410

⁶ Amnesty International and Omega Research Foundation, internal na dokumento sa pagsasaliksik, December 2003. Ang sampung bansang sinuri ay ang Algeria, Russian Federation (Chechnya), Colombia, DRC, East Timor, Egypt, France, Jamaica at Nepal.

⁷ Maaaring sangkot ang paggamit ng armas sa ilang mga kaso ngunit hindi ito naitala. Sa ibang mga paglabag sa karapatang pantao ay maaaring sangkot ang ibang uri ng pangkaraniwang armas lagpas sa maliliit at magaan na armas.

⁸ Coalition to Stop the Use of Child Soldiers, *Global Report 2008*, Facts and Figures (www.childsoldiersglobalreport.org/content/facts-and-figures-child-soldiers)

⁹ UNHCR, *Global Report 2008 – Internally Displaced Persons* (<http://www.unhcr.org/4a2d199b2.html>, nakuha, 21 April 2010)

¹⁰ UNHCR, *Statistical Yearbook 2008*, pp. 9-10

¹¹ 'Pag-angkat na may kinalaman sa depensa labis sa \$6 bilyon', *Globes* (Israel), 6 October 2009, batay sa mga datos na ibinahagi ng Foreign Defence Assistance and Defence Export Organization (SIBAT) ng bansang Israel sa publikasyong "Defense News"

¹² Hindi posibleng lamanin ng maikling dokumentong ito ang eksposisyon at pagsusuri sa 'obligasyon at pananagutan ng mga Estado sa paggalang sa karapatang pantao kapag ikinokonsidera ang paglilipat ng armas. Para sa pinakabagong tala, tignan ang Amnesty International, *How to Apply Human Rights Standards to Arms Transfer Decisions* (Index: ACT 30/008/2008), 1 October 2008.

¹³ Ang Germany, France, UK, Netherlands, Italy, Spain at Sweden ay dapat na sumunod sa Pinagkaisang Papisyon nung 2008/944/CFSP ng European Union na pinagtibay noong ika-8 ng Disyembre, 2008, na tumutukoy sa mga patakaran kaugnay sa pagkontrol sa pag-angkat ng mga teknolohiya at kagamitang pang-militar. Sa Criterion 2 (sa karapatang pantao) ng Pinagkaisang Papisyon, dapat sundin ng mga kasaping Estado ng European Union na “hindi magbigay o tumanggi sa pagbibigay ng lisensya ng pag-angkat ng armas kung may malinaw na panganib na ang teknolohiya at kagamitan pang-militar na iluluwas ay malamang na gamitin sa panloob na panunupil”, at “ ipatupad ang ispesyal na pag-iingat at pagmamatyag sa pagbibigay ng lisensya, depende sa kaso at pagsasaalang-alang sa katangian ng mga kagamitan at teknolohiyang pang-militar, sa mga bansa kung saan ang malubhang paglabag sa karapatang pantao ay napatunayan ng mga karampatang kinatawan ng United Nations, ng European Union o sa pamamagitan ng Konseho ng Europa.

¹⁴ OSCE, *Principles governing international arms transfers*, pinagtibay sa 49th Plenary Meeting of the Special Committee of the OSCE Forum for Security Co-operation sa Vienna noong ika- 25 Nobyembre 1993

¹⁵ *Wassenaar Arrangement Best Practice Guidelines for Exports of Small Arms and Light Weapons* na pinagtibay ng Plenaryo nung ika -11-12 ng Disyembre 2002 kung saan ang “2. Bawat kasaping Estado ay hindi nararapat na magbigay ng lisensya sa pag-angkat ng mga maliliit na armas at magang sandata kung ang mga ito ay may panganib na...(h) gamitin para sa panunupil; (j) gamitin sa paglabag o pagsugpo sa karapatang pantao at mga saligang kalayaan.” Dagdag pa, ang *Wassenaar Arrangement Elements for the Objective Analysis and Advice Concerning Potentially Destabilising Accumulations of Conventional Arms* na inaprubahan noong ika-3 ng Disyembre 1998, ay nagbigay ng mga puntong gabay sa mga kasapi sa pagtatasa kung ang paglilipat ng armas ay nakaaambag sa potensyal na pagpigil sa pagdami ng mga pangkaraniwang armas o sandata”. Kasama dito ang karapatang pantao: kung mayroon bang malinaw na matutukoy na panganib na gamitin ang sandata upang lumabag at supilin ang karapatang pantao at mga saligang kalayaan? Kung ang estado ba ay sumusunod sa mga pandaigdigang kinikilalang karapatang pantao, mga pamantayan sa anti-terorismo at non-proliferation?

¹⁶ Para sa mga kasaping Estado ng European Union, tignan ang tala 12. Ang Norway ay inihanay din ang sarili sa Nagkakaisang Papisyon ng EU sa pag-angkat ng armas, na pormal na makikita sa pambansang patakaran sa kontrol sa pag-angkat, Mayo 2009. Ang batas sa pag-angkat ng Swiss ay nagsasabi na ang lisensya sa pag-angkat para sa kagamitang pandigma ay hindi dapat na ibigay para sa pag-angkat ng kalakal at para sa kontrata sa ilalim ng Artikulo 20 WMA kung ang bansa na patutunguhan ay lumalabag sa karapatang pantao sa isang sistematiko at malubhang paraan: (Ordinance on War Material of 25 February 1998, status as on 1 January 2010, Article 5)

¹⁷ Ang Canada ay nagtatag ng patakaran para sa “mahigpit na kontrol “ sa pag-angkat ng armas sa “mga bansa kung saan ang gobyerno ay may paulit-ulit na ulat ng malubhang paglabag sa karapatang pantao ng kanilang mamamayan ”, bagaman ito ay hindi nakasulat sa isang pambansang batas sa pagkontrol ng pag-angkat ng Canada . Foreign Affairs and International Trade Canada, *Export Controls Handbook* (May 2009), p.43 (<http://www.international.gc.ca/controlscontroles/assets/pdfs/documents/ExportControlHandbook-eng.pdf> nakuha 4 Mayo 2010)

¹⁸ Amnesty International, *Blood at the Crossroads: Making the Case for Global Arms Trade Treaty*(Index:

¹⁹ Ang Komite para sa Karapatang Pantao ay nagdeklara na sa sitwasyon ng armadong labanan, “ang dalawang naturang mga batas ay nagsusuportahan, at hindi mutwal na eksklusibo “UN CCPR Human Rights Committee, General Comment 31 Nature of the General Legal Obligation on the States Parties to the International Covenant on Civil and Political Rights, CCPR/C/21/Rev.1/Add.13, 26 Mayo 2004, para 11

²⁰ Article 55 (c) ng UN Charter. May pagdidiiin.

²¹ Article 56 ng UN Charter.

²² Sa ilalim ng mga pangkalahatang prinsipyo ng pananagutan ng Estado, ang responsibilidad ng isang Estado na tumutulog sa pagsasagawa ng isang maling hakbang, kabilang ang paglabag sa karapatang pantao, ay pinakikitunguhan ng iba pang estadong may pag-alam sa mga pangyayari ng mga maling hakbang. Maibibilang sa pagsasagawa ng mga malubhang paglabag sa karapatang pantao ang mga paglabag sa mga probisyon ng 1966 International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR), ng 1984 Convention Against Torture and Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment at iba pang internasyunal na kasunduan sa karapatang pantao. Ang pinakatampok na karapatan na maaaring malabag sa paggamit ng armas, kabilang ang maliliit at magagaan na armas o sandata ay ang karapatan sa buhay. Karapatang ito’y nagtatakda kapwa ng positibong tungkulin ng estado na magsagawa ng mga batas na magpoprotekta sa karapatan sa buhay at sa negatibong tungkulin na huwag ipagkait ng walang batayan sa sinuman ng kanilang karapatan sa buhay. Ang iba pang hindi maaaring labaging karapatan ay itinakda para sa mga kasaping Estado ng UN Human Rights Committee. Sa kanyang General Comment on States of Emergency, pinalawak ng Komite ang listahan ng mga hindi maaaring limitahang karapatang nilalaman ng Artikulo 4 ng ICCPR at ibinilang ang: pagbabawal laban sa di-makatwirang pagkakakulong, pagbabawal laban sa pagbihag, pagdakip o sapilitang pagkakulong ; ang proteksyon sa mga karapatan ng mamamayang nabibilang sa minority; ang deportasyon o sapilitang paglikas ng mga mamamayan nang walang batayang ipinahihintulot sa ilalim ng batas internasyunal; at ang pagbabawal sa paglulunsad ng propaganda para sa digmaan, o pagtataguyod ng isang pambansa, makalahi o pang-relihiyong pagkapoot na nagluluwal ng diskriminasyon, at karahasan (UN Doc. CCPR/C/21/Rev.1/Add. 11,31 Agosto 2001).

²³ Ang tanging kabilang dito ay ang ‘armas pandigma’ na tinutukoy sa pambansang batas sa pag-angkat ng Germany

²⁴ Halaga ng pagbibigay awtorisasyon sa pag-angkat ng armas, na maaaring mas malaki pa sa aktwal na mga eksport

²⁵ UN General Assembly Resolution 64/48, 2 Disyembre 2009

²⁶ Amnesty International, *How to apply human rights standards to arms transfer decisions*(Index: ACT 30/008/2008), 1 Oktubre 2008; International Committee of the Red Cross (ICRC), *Arms Transfer Decisions: Applying International Humanitarian Law Criteria* (Geneva, 2007)

Amnesty International
International Secretariat
Peter Benenson House
1 Easton Street
London WC1X 0DW
United Kingdom
www.amnesty.org

AMNESTY
INTERNATIONAL

